American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-492-498
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO SA MAKABAGONG PANAHON

Geneva Cleo A. Castillo[1], Nerissa N. Behhay[2], Jiralyn L. Monchiguing[3], Angelica W. Allaga[4], April E. Gonayon[5]

*Ifugao State University, Alfonso Lista, Ifugao, Philippines Ifugao State University, Alfonso Lista, Ifugao, Philippines Ifugao State University, Alfonso Lista, Ifugao, Philippines Ifugao State University, Alfonso Lista, Ifugao, Philippines Ifugao State University, Alfonso Lista, Ifugao, Philippines*

**ABSTRAK :** Layunin ng pag-aaral na ito na mailarawan ang pananaw ng mga guro sa pag-utilized o paggamit ng makabagong teknolohiya sa pang-araw-araw na pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang nasabing pag-aaral ay gumamit ng panlarawang pamamaraan at isinagawa ito sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa mga distrito ng Alfonso Lista, Ifugao at Paracelis, Mountain Province, gamit ang isang talatanungan sarbey bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Napatunayan lamang na karamihan sa mga tagatugong guro ay halos sumasang-ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo at ipinakita rin dito ang kanilang kahandaan at madalas na paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa klase. Kung kaya, napag- alamang malaki ang naitutulong nito upang mapadali ang pagkatuto ng mga tinuturuan sa kasalukuyang panahon, lalo na sa kontekstong pang-edukasyon na mas nangangailangan ng inobasyon at interaktibong pamamaraan o teknik sa pagbabahagi ng mga kaalaman. Batay pa sa mga nakalap na datos, ang mga tagatugon ay gumagamit ng iba't ibang uri ng teknolohiya tulad ng mga presentasyon software, bidyong pang-edukasyunal at sistema ng pamamahala ng pagkatuto upang gawing mas kapaki-pakinabang, kawili-wili at mabisa ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa katunayan, napag-alamang ang epektibong paggamit ng teknolohiya ay nangangailangan ng sapat na kaalaman, patuloy na pagsasanay at buong suporta mula sa institusyon o paaralang kinabibilangan. Sapagkat hindi lahat ng bagay ay madaling matutuhan lalo kung teknolohiya ang pinag-uusapan, mahalagang bigyang-pansin ang patuloy na paglinang ng kakayahan ng mga gurong humuhubog sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang pagkakaroon ng regular na mga seminar at workshop upang mas mapalawak pa ang kaalaman ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya bilang isang mabisang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga tinuturuan. Higit sa lahat, ang makabagong teknolohiya ay hindi lamang opsyonal kundi isang mahalagang bahagi ng edukasyon sa makabagong panahon.

***Mga susing-salita:*** *asignaturang Filipino, makabagong pamamaraan sa pagtuturo, makabagong panahon, pananaliksik, teknolohiya*

## I. PANIMULA

Ang pagkakaroon ng de-kalidad na edukasyon ay isang mahalagang salik sa pagtatamo ng matagumpay at maunlad na klase ng pamumuhay sapagkat ito'y may malaking ambag sa holistikong pag-unlad ng buhay ng bawat indibidwal. Na sadyang sinang-ayunan naman ni Virola (2019) sa kanyang pahayag na isa sa pinakamahalagang aspeto na dapat matamo ng bawat isa ay ang pagkakaroon ng kalidad na edukasyon. Sa larangan ng edukasyon, binigyang-diin nina Belvez (2002) at Ariaso (2020) na ang mga guro ay may pinakamahalagang papel sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat sila ang taong humuhubog at lumilinang sa kaalaman, kakayahan, at maging sa pag-uugali ng kanilang tinuturuan. Dagdag pa ni Ariaso (2020), sinasabing sa mga guro nakatuon o nakasalalay ang pagpapabuti ng edukasyon dahil sila ang nag-iisip o nagpaplano at naghahanda ng mga teknik o angkop na pamamaraan o estratehiya sa pagbahagi ng kanilang mga kaalaman ayon sa espesyalisasyong natutuhan. Dahil dito, marami sa mga guro ang nagnanais na mapabuti at mapaunlad ang kanilang paraan ng pagtuturo upang maging mas epektibo at kapaki-pakinabang sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa patuloy at pag-unlad ng panahon, napakahalagang mabigyang-pansin ang kakayahan at kasanayan ng mga guro para sa kanilang pagtuturo. Kasabay ng mga pagbabagong ito ay ang pag-usbong ng mga makabago at epektibong estratehiya ng pagkatuto. Sapagkat kung balikan natin ang nakaraan, ang mga guro noon ay nakatuon lamang sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo, kung saan ang pinakapangunahing instrumento nila ay ang pagsusulat, pagbabasa gamit ang mga aklat. Ang mga guro ang pinakasentro ng talakayan habang ang mga mag-

aaral ay tahimik lamang na nakikinig sa kanila. Ngunit kung ihahambing natin sa kasalukuyan, malaki ang pagbabago sapagkat ang estilo ng pagtuturo at pagkatuto ay naging mas moderno, mas malikhain at nakasentro sa aktibong partisipasyon at mga gawain ng mga mag-aaral. Sa pag-usbong ng makabagong pamamaraan o estratehiya sa pagbabahagi ng kaalaman, naging mahalaga ang parte ng teknolohiya sa pagtuturo sapagkat hindi lamang ito nagsisilbing kagamitang panturo ng mga guro, kundi isa na ring mabisang kasangkapan sa pagpapayaman ng kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral nina Sinclair & Hayes (2019), sinasabing ang teknolohiyang digital ay patuloy na lumalaganap at naging bahagi na ng buhay ng karamihan, naging malaki ang epekto at impluwensya nito pati sa midya, komunidad at pag-uugali ng mga tao. Lumabas sa pag-aaral nina Ghavifekr & Rosdy (2015) na ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay mas epektibo kumpara sa tradisyonal na pamamaraan sapagkat ito ay nagbibigay ng mas mataas na antas ng pagkatuto. Samantala, batay sa artikulo ni Lari (2014), naging positibo ang resulta ng paggamit ng modernong estratehiya sa pagtuturo, kung saan ang teknolohiyang digital ay naging pangunahing kasangkapan sa pagpapadali ng pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pagpapahusay ng pagtuturo ng mga guro. Nagdudulot ito ng mga makabago at malikhaing paraan na nagpapabuti sa kabuuang karanasan sa edukasyon.

Ayon kay Navarro J. R. (2019), ang sistemang pang-edukasyon sa kasalukuyan ay nakapaloob na sa ika-21 siglo, kung saan ang paggamit ng kompyuter at makabagong teknolohiya ang pangunahing kagamitan ng mga mag-aaral na nagpapabilis at nagpapadali sa kanilang pagkatuto. Bilang tugon sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, noong Hunyo 10, 2010 nagpalabas ang Kagawaran ng Edukasyon ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 78, s. 2010 o *"Guidelines on the Implementation of the DepEd Computerization Program (DCP)."* Nakatuon ang programang ito sa pagpapalaganap ng paggamit ng makabagong teknolohiya sa edukasyon, lalo na sa integrasyon nito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Layunin ng kautusan na mahikayat ang mga guro na gumamit ng mga modernong kagamitan upang mas mapabisa ang kanilang pagtuturo. Ipinatupad ito sa lahat ng panrehiyong sektor ng kagawaran bilang bahagi ng pambansang adhikain para sa makabago at de-kalidad na edukasyon

Ayon sa pag-aaral ni Sevilla E. (2013) ang integrasyon ng teknolohiya ay isang pinakamabisang gamit sa paggawa ng maraming bagay tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dito pumapasok ang mahalagang papel ng isang guro bilang eksperto at may lawak na kaalaman sa paggamit ng teknolohiya. Sa pagtuturo, mahalagang maipakita ng mga guro ang kanilang malawak na kasanayan, kaalaman at kahandaang sumabay sa pag-usbong ng teknolohiya upang hindi maiwan sa mabilis nitong pag-unlad. Ang mga guro ay kinakailangan ding maging huwaran at responsible sa paggamit nito sa edukasyon. Kinakailangang siguruhin na tama at maingat ang paggamit ng teknolohiya sa silid upang maging maayos, interaktibo at kapana-panabik ang paraan ng pagtuturo.

Ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay nakatutulong upang maging mas epektibo ang pahahatid ng kaalaman at impormasyon sa mga mag-aaral. Sa paggamit nito nagiging kawili-wili at sistematiko ang pagbahagi ng kaalaman o pagtalakay sa mga aralin. Mula naman sa pahayag ni Garcia K. (2016) sinasabing ang teknolohiya ay nagbibigay ng napapanahong kasanayan, mga ideya at pagtuklas sa talento o kagalingan ng mga mag-aaral. Na kung saan ang mga guro ay maaari ding makinabang dito sapagkat hindi na nangangailangan ng tradisyunal na logistik at maraming kagamitan. Ngunit sa paggamit ng mga ito ay tila nagsisilbing isang malaking hamon para sa mga guro. Sa panahon ngayon, ang mga mag-aaral ay tutuk na tutok sa teknolohiya, kung kaya napakahalaga sa mga guro na makasabay sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, maging handa sa iba't ibang uri ng mag-aaral at mga pangangailangan, upang sa ganun ay kanilang magawa ang kanilang tungkulin na makapagbigay ng mahusay na edukasyon sa gitna ng patuloy na pag-unlad at pagbabago sa mga paraan ng pagtuturo. Ayon naman kay Gurney P. (2007) na binanggit sa pag-aaral ni Lopez R. (2021) na kung walang kahandaan ang isang guro, mas hindi nito magagawa o magagampanan ang resposibilidad nakaatas sa kanya sapagkat dapat sila'y maging mapagtuklas at makasabay sa pag-usbong ng makabagong paraan ng pagkatuto. Ang pagiging maparaan at malikhaing guro ang nakapagbibigay at nakapagbabahagi ng angkop na kaalaman sa mga mag- aaral. Ayon kay Ranosa R. (2020) inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang *Enhanced Basic Education Act of 2013* na kaakibat ang integrasyon ng teknolohiya sa kurikulum upang mapagbuti ay mapadali ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat mayroong positibong epekto nito sa ekspektasyon at pagkatuto ng kanilang mga tinuturuan. Mula naman sa pag-aaral ni Costley K. C. (2014) ang paggamit ng teknolohiya ay naging pangkaraniwan sa pampubliko at pribadong mga paaralan. Lumabas sa kanyang pananaliksik na ang integrasyon ng teknolohiya ay epektibo sa lahat ng edad at nakatutulong ito sa mga mag-aaral na mayroong espesyal na pangangailangan sa pagkatuto. Pinatunayan din sa pag-aaral nina Abrigo et al. (2019) na ang wastong paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay nagbubunga ng maayos at magaan sa pagtuturo at magandang epekto sa mga mag-aaral. Sinabi naman sa pananaliksik nina Buhisan et al. (2014) na sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya ay nagiging mas produktibo at napapanatili ang maengganyong kapaligiran ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Nabanggit sa pag-aaral nina Calisang C. P., Fabilla S. D. C. & Montecino, C. D. (2025) na gumagamit ng teknolohiya ang mga guro sa kanilang pagtuturo at nagagamit ng mga mag-aaral ang kanilang pandama. Ang pagtuturo gamit ang tradisyunal na pamamaraan ay nakatutulong din ngunit hindi na angkop na gamitin ng mga guro sa kasalukuyan sapagkat hinahadlangan nito ang kahusayan at

pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon naman sa paf- aaral nina Ceka A. & Murati R. (2017) tungkol sa *Information and Communication Technology* ay naging kaakibat sa pamumuhay ng nakararami lalo na ang mga kabataan kung saan ang lahat ay nakatutok dito.

Sa usapang edukasyon, ang mga kasanayan sa paggamit ng kompyuter at karagdagang kagamitan ay kailangan sapagkat nakabubuo ang mga ito ng malaking oportunidad para sa mga guro at nakakaenggayo ng kuryosidad, imahinasyon at interes ng mga mag-aaral. Natuklasan naman sa pag-aaral ni Putong F. (2025) na ang madalas na akses sa ICT at madalas na paggamit nito ay nakatutulong ng malaki upang maisulong ang pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ipinahayag nina Singh et al. (2023) sa kanilang pananaliksik na ang teknolohiyang digital ay nagdala ng pagbabago sa sektor ng edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng karanasang personal na pagkatuto, inobasyong estratehiya sa pagtuturo, madaling naiaangkop na pag-unlad sa kurikulum, mahusay na proseso sa pagtatasa at pinahusay na kolaborasyon at komunikasyon. Ang paggamit ng teknolohiyang digital sa edukasyon ay nakapagpapabuti sa pagkatuto at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Ayon naman kina Collins A. & Halverson R. (2018) ang teknolohiyang digital ay nagbibigay ng pagbabago at kaaya-ayang kapaligiran na siyang nagbibigay pahintulot sa mga mag-aaral na matuto gamit ang kanilang sariling oras at sariling pamamaraan. Noong kasagsagan ng pandemya natalakay sa pananaliksik ni Javier B. (2021) na ang pag-eensayo ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay nakabubuti at mayroong benepisyo para sa kanilang mahusay na paggawa kahit na mayroong problemang teknikal na hindi nakokontrol. Natuklasan naman sa pananaliksik ni Nueva M. G. (2019) na ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo sa asignaturang Filipino sa Baitang 9 ay napakaepektibo sa pagpapabuti at pagtatagumpay ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinakita na mas natututo ang mga mag-aaral kapag epektibong ginamitan ng teknolohiyang pang-edukasyon ang paghahatid ng instruksyon. Samantala, inilahad sa pag-aaral nina Almasen J. & Labitad G. (2024) ang kabisaan ng integrasyon ng kagamitang multi-midya sa pagtuturo ng Filipino sa Baitang 10, na kung saan napag-alamang mahalaga ang pagtanggap at paggamit ng multi-midya bilang kagamitan sa mga gawaing pagtuturo. Sa pananaliksik naman nina Abing, K. et al. (2024), lumitaw na ang mga kagamitang tulad ng *cellphone, PowerPoint presentation, projector*, at *laptop* ay kadalasang ginagamit sa kasalukuyang pagtuturo. Ayon kina Dumpang C., Sedanza M. & Caluza L. J. (2021), ang pagtuturo ng Filipino sa Baitang 8 ay nangangailangan ng mga kagamitang panturo lalo na ang mga awdyo-biswal na materyales na nagbibigay-sigla at interes o atensyon ng mga mag-aaral tungo sa mas interaktibo at pokus sa takayan ng aralin. Dagdag pa rito, mula sa pag-aaral nina Buhisan C., Deracin L. M. at Erocido C. M. (2024), ang paggamit ng mga video ay hindi lamang nagsisilbing libangan kundi epektibong nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa panonood at sa kabuuang pagkatuto. Batay naman sa resulta ng pag-aaral ni Abelon M. (2023), ang paggamit ng biswal na kagamitang *"Digital Storytelling"* sa pagtuturo ng literatura sa Filipino ay nakatutulong sa paglilinang ng pagganap ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Iranzo R. (2020) lumabas na ang paggamit ng *FilTech Web Applications* ay epektibong nakapagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 lalo na sa pagkatuto ng tekstong naratibo at persweysib. Inirekomenda rin sa nasabing pag-aaral ang adaptasyon ng *FilTech Web Apps* at ang paggamit ng angkop na modernong teknolohiya upang higit pang mapaunlad ang pagtuturo ng asignaturang Filipino.

## II. LAYUNIN

Sa asignaturang Filipino, mahalagang maunawaan kung paano inaangkop ng mga guro ang makabagong pamamaraan at teknolohiya upang higit na mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Narito ang mga katanungang kailangang masagot sa pag-aaral:

1. Anu-ano ang mga kasalukuyang pamamaraan ng pagtuturo ang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?
2. Ano ang antas ng paggamit ng teknolohiya ng mga guro?
3. Ano ang antas ng kahandaan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya?

## III. METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay gumamit ng Kwantitatibong paraan ng pananaliksik na may layuning ilarawan ang mga pananaw ng guro sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo. Sinabi nina Creswell (2014) at Fraenkel, Wallen & Hyun (2012) na angkop ang paggamit ng kwantitatibong pananaliksik sa ganitong uri ng pag-aaral sapagkat binibigyang tuon nito ang pagsusuri at pagsusukat ng datos na may layuning makuha ang pananaw ng mga kalahok gamit ang sarbey o talatanungan. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay dalawampung (20) guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pag-aaral. Ito ay mayroong tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay tungkol sa tradisyunal at makabagong pamamaraan ng pagtuturo. Ang panagalawang bahagi ay tungkol naman sa kadalasan ng paggamit ng teknolohiya at pangatlong bahagi ay tungkol sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya. Bago simulan ang pangangalap ng datos, ang mga mananaliksik ay humingi ng permiso sa mga respondanteng guro. Matapos nito ay ipinaliwanag ng mga mananaliksik ang kanilang layunin sa pag-aaral

kasabay ng pagpapasagot sa talatanungan. Tiniyak ng mga mananaliksik ang mga natipon na datos ay mananatiling kompidensyal. Sa pamamagitan ng mga piling pormula at proseso, ang mga datos ay maingat na isasaayos, ihahanay at bibigyang ebalwasyon upang maipabatid ang mga kasagutan ng mga respondente. Ang istatistikang ginamit sa pagsusuri at paglalarawan sa mga datos na nakalap sa pag-aaral ay weighted mean. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng presentasyon, analisis, at resulta ng mga sagot na nakalap at tinali sa pamamagitan ng SPSS.

## IV. RESULTA AT DISKUSYON

Nakalahad dito ang mga nakalap na mga datos sa isinagawang pananaliksik. Makikita sa mga talahanayan ang interpretasyon ng mga datos at paliwanag sa mga ito.

**Talahanayan 1: Tradisyunal at Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo**

| A. Tradisyunal at Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Mas nais kong gumamit ng makabagong kagamitan kaysa sa tradisyunal na kagamitang pampagtuturo. | 2.54 | Sumasang-ayon |
| 2. Mas nais kong gumamit ng projector o telebisyon kaysa sa manila paper. | 3.40 | Lubos na sumasang – ayon |
| 3. Malimit akong gumamit ng chalk and board sa pagtuturo. | 2.75 | Sumasang – ayon |
| 4. Mas mainam ang paggamit ng makabagong kagamitang pampagtuturo kaysa sa nakasanayang materyales. | 3.30 | Lubos na sumasang – ayon |
| 5. Mas nais kong panoorin ang mga kwento kaysa ang hayaang basahin ito ng mga mag-aaral. | 3.30 | Lubos na sumasang – ayon |
| **Average mean** | **3.06** | **Sumasang- ayon** |

Makikita sa talahayan 1 ang average mean na 3.06 na may interpretasyong sumasang-ayon, kaugnay ng paggamit ng mga guro ng parehong tradisyunal at makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ipinapakita nito na kinikilala ng mga guro kung gaano kahalaga ng dalawang metodolohiya sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga kanilang mga tinuturuan. Di maipagkaila ang paggamit ng mga tradisyunal na estratehiya tulad ng chalk-and-talk, oral recitation, at pagsulat sa pisara ay nananatiling bahagi ng kanilang *pedagogical practices,* lalo na sa mga lugar na may limitadong akses sa paggamit ng teknolohiya. Gayunpaman, kapansin-pansin na mas pinapaboran na ng mga guro ang paggamit ng makabagong pamamaraan, gaya ng *PowerPoint presentations, educational media, interactive learning tools, at internet-based resources* dahil sa kakayahan nitong mas mapadali, mas mapabilis, at mas mapalalim ang pagkatuto. Ang mataas na mean score ay nagpapahiwatig ng positibong pagtanggap ng mga guro sa pagbabago ng pedagogiya sa kasalukuyang panahon. Nakita rin sa resulta na mas naaakit ang mga mag-aaral sa mga interaktibo at makabago ngunit makabuluhang uri ng pagtuturo, kung saan mas aktibo silang nakikilahok sa talakayan, mas mabilis nilang nauunawaan ang aralin, at mas tumatagal sa kanilang isipan ang mga konseptong tinalakay. Gayunpaman, batay sa pag-aaral nina Sali J. et al. (2024), bagama't ang tradisyunal na kagamitang panturo ay nananatili sa ilang konteksto ng pagtuturo, ito ay nagiging limitado na lamang ang gamit sapagkat ang mga pamantasan at iba pang institusyong pang-edukasyon ay unti-unting sumasabay sa *digital transformation.* Ang paggamit ng teknolohiya ay hindi lamang isang opsyon kundi isang estratehikong hakbang upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon, kung saan ang impormasyon ay mabilis na dumarating at patuloy na nagbabago. Bagaman marami ng mga pananaliksik ang tungkol sa paggamit ng makabagong teknolohiya kinakailangan padin ng iba pa o mas marami pang pananaliksik para sa professional development ng mga guro upang kanilang mapaghusay pa ang kanilang kakayahan sa paggamit ng teknolohiya sa para mapabuti ang pagtuturo ng asignaturang Filipino sapagkat marami pa ring mga guro ang hindi gaanong marunong sa paggamit ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo. Sa kabuuan, ang pinagsamang paggamit ng tradisyunal at makabagong pamamaraan ay nagbibigay ng mas timbang at mas epektibong diskarte sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, mas naaangkop ng mga guro ang kanilang mga pamamaraan sa iba't ibang uri ng mag-aaral anuman ang kanilang lebel ng kaalaman o kagalingan, istilo ng pagkatuto, at teknolohikal na kahandaan.

**Talahanayan 2: Antas ng Paggamit ng Teknolohiya ng mga Guro**

| B. Antas ng Paggamit ng Teknolohiya ng mga Guro | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Madalas akong gumamit ng google meet at iba't ibang media app sa pagtuturo. | 2.62 | Sumasang – ayon |
| 2. Madalas akong gumagamit ng projector o telebisyon kapag nagtuturo. | 3.17 | Sumasang – ayon |
| 3. Ginagamit ko ng madalas ang kompyuter sa pagtuturo. | 3.27 | Lubos na Sumasang – ayon |
| 4. Madalas kong pinapanood ng videos ang mga mag-aaral na angkop sa topiko. | 2.65 | Sumasang – ayon |
| 5. Madalas akong gumamit ng iba't ibang software upang mas maintindihan at mapadali ang pagtuturo. | 2.75 | Sumasang – ayon |
| **Average mean** | **2.89** | **Sumasang- ayon** |

Makikita sa Talahanayan 2 ang madalas na teknolohiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, na may mean na 2.89 sa interpretasyong sumasang-ayon. Ibig sabihin ito ang madalas gamitin ng mga guro ang mga kagamitang teknolohikal sa kanilang pagtuturo, partikular na yaong may kaugnayan at kaangkupan sa mga aralin. Kabilang dito ang paggamit ng PowerPoint presentations, educational videos, projector, kompyuter, at iba pang multimedia tools na nagpapadali hindi lamang sa pagpapaliwanag ng paksa, kundi pati na rin sa pagpapataas ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan. Ang paggamit ng teknolohiya sa klase ay nakatutulong upang gawing mas interaktibo, makabuluhan, at mas epektibo ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral. Mas nagkakaroon ng masigla at aktibong ugnayan ang guro at mag-aaral, at mas nagiging visual at engaging ang mga aralin, na mahalaga sa pag-unawa lalo na ng mga abstraktong konsepto sa nakalahad sa asignaturang Filipino. Napatunayan sa pag-aaral nina Labasbas at Marbella (2022), ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay isa sa mga pinakamabisang paraan upang mapahusay ang pagkatuto ng mga mag-aaral, dahil tumutugon ito sa makabagong teknik at estilo bilang pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Gayundin, binibigyang-diin ng mga mananaliksik na ang teknolohiya ay hindi lamang dapat gamitin bilang pantulong na kagamitan kundi bilang integral na bahagi ng pedagohiya. Kung kaya nangangailangan ito ng masusing pagpaplano at tamang pagpili ng mga teknolohiyang angkop sa layunin ng aralin upang masigurong magiging epektibo, makabuluhan, at may pangmatagalang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3: Kahandaan ng mga Guro sa Paggamit ng Teknolohiya**

| C. Kahandaan ng mga Guro sa Paggamit ng Teknolohiya | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Mahusay akong gumamit ng iba't ibang software na naangkop gamitin sa iba't ibang topiko. | 2.62 | Sumasang – ayon |
| 2. Nagagamit ko nang maayos ang projector o telebisyon sa pagtuturo. | 3.17 | Sumasang – ayon |
| 3. Mahusay akong gumawa ng powerpoint presentation. | 3.25 | Lubos na Sumasang – ayon |
| 4. Nakagagawa ako ng kahali-halinang videos na maaring gamitin bilang kagamitang pampagtuturo. | 2.60 | Sumasang – ayon |
| 5. Nagagamit ko ang media sa pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral tulad ng messenger at google meet. | 2.86 | Sumasang – ayon |
| **Average mean** | **2.9** | **Sumasang-ayon** |

Makikita sa Talahanayan 3 ang mean na 2.9, ipinapahiwatig ng resulta na karamihan sa mga guro ay may kakayahan sa paggamit ng mga kagamitang teknolohikal gaya ng kompyuter, projektor, telebisyon, at ang paggawa ng mga PowerPoint presentation at iba pang *media-based instructional materials*. Malinaw na naipakikita ang unti-unting pagsasabuhay ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa kanilang mga aralin bilang tugon sa makabagong pangangailangan ng edukasyon sa ika-21 siglo. Gayunpaman, bagama't nagpapakita ng kahandaan at kagalingan ang mga guro, napag-alamang ang epektibo at masinsinang paggamit ng teknolohiya ay nangangailangan pa rin ng sapat na kaalaman, masusing pagsasanay, at tuloy-tuloy na paglinang ng kasanayan. Alam naman nating di ito natututuhan sa maikling panahon lamang, lalo na para sa mga gurong hindi gaanong teknolohikal ang pinagmulan. Natuklasan naman sa pag-aaral nina Pelila J.R. et al. (2022), ang pagkakaroon ng mga *workshop* at *capacity-building seminars* para sa mga guro ay may malaking ambag sa matagumpay na integrasyon ng teknolohiya sa klase. Sapagkat sa pamamagitan ng mga programang ito, mas nabibigyan ng pagkakataon ang mga guro na matutuhan hindi lamang ang teknikal na aspeto ng paggamit ng teknolohiya kundi

pati ang mga pedagogical na estratehiyang angkop dito. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ng mga paaralan at kagawaran ng edukasyon ang pagbibigay ng atensyon at sapat na suporta, kagamitan, at oportunidad para sa patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa larangan ng edukasyong teknolohikal. Sa ganitong paraan, mas mapapalawak at mapapabuti pa ang pagtuturo ng Filipino gamit ang makabagong teknolohiya na tiyak na mas makaaakit at makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

## V. KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng pananaliksik, malinaw na lumilitaw na ang mga guro ay aktibong gumagamit ng mga modernong kagamitang pampagtuturo sa kanilang klase. Ang paggamit ng teknolohiya ay hindi lamang nagpapadali sa proseso ng pagtuturo, kundi higit ding nakatutulong sa pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinakita ng datos na ang mga guro ay masigasig sa paggamit ng iba't ibang uri ng teknolohiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, na siyang nagsisilbing pangunahing estratehiya sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Dahil dito, mas nagiging malinaw at epektibo ang pagpapahayag ng mga konsepto at kaalaman sa mga mag-aaral. Napatunayan din sa pag-aaral na ang mga guro ay may sapat na kahandaan at kaalaman sa paggamit ng mga kagamitang teknolohikal tulad ng projector, telebisyon, kompyuter, iba't ibang software, at mga media platform. Ipinapakita nito na ang teknolohiya ay isang mahalagang katuwang sa pagtuturo ng Filipino, na hindi lamang nagpapabilis ng pagtuturo kundi nagbibigay rin ng mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, mahalaga ring bigyang-diin ang patuloy na pagpapalawak at pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan para sa mas malawak na pagsasanay at patuloy na edukasyon upang higit pang maisulong ang integrasyon ng modernong teknolohiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

## SANGGUNIAN

**Journal Papers:**


[1] Virola R. (2019). Free education in the Philippines: A con-tinuing saga. *International Journal of Advanced En-gineering Management and Science. https://dx.doi.org/10.22161/ijaems.5.4.2*

[2] Ariaso R. (2020). Factors of Learning in Filipino and Students' Performance of Secondary Education in Eastern Visayas Philippines. *PalArch's Journal of Archeology of Egypt/ Egyptology, 17(6), 8212 –8227. https://archives.palarch.nl/index.php/jae/artcle/view/2243*

[3] Sinclair C. & Hayes S. (2019). Between the post and the com-post: examining the postdigital 'work'of a prefix. Postdigital Science and Education. *https://doi.org/10.1007/s42438-018-0017-4*

[4] Ghavifekr S. & Rosdy W. (2015). Teaching and learning with technology: Effectiveness of ICT integration in schools. *International Journal of Research in Education and Science (IJRES). DOI:10.21890/ijres.23596*

[5] Lari H. (2014). The impact of using powerpoint presentations on students' learning and motivation in secondary schools. *DOI:10.1016/j.sbspro.2014.03.592*

[6] Navarro J. (2019). Ang kahalagahan ng makabagong teknolohiya sa pagkatuto ng mga Mag-aaral. *https://pdfcoffee.com/ang-kahalagahan-ng-makabagong-teknolohiya-sa-pagkatuto-ng-mga-mag-pdf-free.html*

[8] Sevilla E. (2013). *Epekto ng Pamamaraang Computer – Aided Instruction sa Pagtuturo ng Filipino*. Bataan Peninsula State University, Balanga City

[9] Garcia K. (2016). Education and the Internet for a sustainable PH. RAPPLER. *https://www.rappler.com/brandrap/tech-and-innovation/126587-education-internet-sustainable-ph/*

[10] Lopez R. (2021). Pagtuturo ng Asignaturang Filipino Ngayong Online Class. *https://www.researchgate.net/publication/356853584_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_Ngayong_Online_Class*

[11] Ranosa R. (2020). The role of ICT in *Philippine basic education. International Journal of Educational Research Review, 5(1), 9-14.*

[12] Costley K. C. (2014). The positive effects of technology on teaching and student learning. *https://eric.ed.gov/?id=ED554557*

[13] Abrigo M. M. et al. (2019). Computerization program for Philippine public schools: An impact evaluation. *Philippine Journal of Development,* 46, 145-174

[14] Buhisan C., Deracin L.M., & Erocido C.M. (2024). View of Filipino Language teachers: Addressing difficulties in teaching Filipino subjects in private schools in the Philippines. *https://www.harbinengineeringjournal.com/index.php/journal/article/view/3093/1924*

[15] Calisang C. P., Fabilla S. D. C., & Montecino C. D. (2025). Kasanayan at Dalas ng Paggamit ng mga *Guro ng Teknolohiya sa Pagtuturo. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3(1), 127–152. https://doi.org/10.5281/zenodo.14637223*

[16] Ceka A & Murati R. (2017). The use of technology in educational teaching. *https://eric.ed.gov/?id=EJ1133000*

[17] Putong F. (2025). Pagsusuri ng Information, Communication Technology Integration sa Akademikong Pagganap sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-Aaral sa Ika-Sampung Baitang ng Jolo National High School. Journal of Education and Academic Settings, 2(1), 1-16. *https://doi.org/10.62596/f2pzmb880*
[18] Singh G. (2023). Transforming Education in the Digital Age: *A Comprehensive Study on the effectiveness of Online Learning. DOI:10.55041/IJSREM24405*
[19] Collins A. & Halverson R. (2018). Rethinking education in the age of technology: The digital revolution and schooling in America. Teachers College Press
[20] Javier B. (2021). Practices of Filipino Public High School Teachers on Digital Teaching and Learning Technologies during the COVID-19 Pandemic Basis for Learning Action Cell Sessions. *https://eric.ed.gov/?id=ED616121*
[21] Nueva M. G. (2019) "Filipino Teachers' Attitude Towards Technology — Its Determinants and Association With Technology Integration Practice," Asia-Pacific Social Science Review: Vol. 19: Iss. 3, Article 14. DOI: *https://doi.org/10.59588/2350-8329.1248*
[22] Almasen J. & Labitad G. (2024). Multimedia Tools on Learners' Performance in Filipino. *https://philpapers.org/rec/ALMMTO*
[23] Abing K. et al. (2024). Mga Kagamitang Pampagtuturong Ginagamit sa mga Asignaturang Filipino. *American Research Journal of Humanities and Social Sciences 8(3):83-92*
[24] Buhisan C., Deracin L.M., & Erocido C.M. (2024). View of Filipino Language teachers: Addressing difficulties in teaching Filipino subjects in private schools in the Philippines.
[25] Abelon M. (2023). Digital storytelling in teaching Filipino subject in Grade 7 students. *International Journal of Multidisciplinary Applied Business and Education Research, 4(10), 3521–3529. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.10.08*
[26] Iranzo R. (2020). Bisa ng Filtech Web Apps bilang kagamitang panturo sa asignaturang Filipino ng Lungsod ng Pasig. *International Journal of Research Studies in Education. DOI:10.5861/ijrse.2020.5924*
[27] Sali J. et al. (2024). Mga Kagamitang Pampagtuturong Ginagamit sa mga Asignaturang Filipino. American *Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*
[28] Labasbas M. & Marbella (2022). Kaalaman at Kasanayan ng mga Guro sa Paggamit ng Animated Videos sa Pagtuturo Ng Panitikan. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development.
[29] Pelila J. R. et al. (2022). Factors and barriers influencing technology intergration in the classroom. *Journal of Language Education Technology(JLEET). DOI:10.33772/jleet.v7i1.18704*

**Theses:**
[7] Cox C. (2014). *21st Century Skills and Principles of Flow in the Foreign Language Classroom.* (master's thesis) Bringham Young University- Provo. Portuguese.